

Chapter One



This must be what love really felt like, literally. Breathtaking. Hot. Intense. Electrifying. At iyong parang anumang sandali ay ni hindi na maiisip kung anong salita pa ang maaaring itawag dahil pati ang kakayahang magproseso ng impormasyon ng utak ay nawala na rin.

From the moment Julian closed the door, he kissed her hungrily as if he was just waiting for that moment for them to be alone. His hands became busy exploring the rest of her, caressing and stroking in such a slow, leisurely manner, in stark contrast to his kiss that seemed to want to devour.

Sinubukan ni Adrienne na sabayan ito, gayahin ang bawat ginagawa sa kanya. Gusto niyang makadama ito ng kasiyahan tulad ng ginagawa nito sa kanya. She liked the sound he made whenever she would kiss him back, or when she would flex her fingers on his skin. It was a low, appreciative moan that was enough to send shivers through her.

She never imagined it would feel this good to be kissed and touched by him. Nang sa wakas ay tila hindi na nakontento si Julian sa nararating ng mga kamay nito ay sinimulan na nitong iangat ang t-shirt niya. The cool night air from the open window made

her shiver involuntarily, but he was quick to kiss her bare skin as he lifted the shirt over her head.

His lips travelled from her neck to her collarbone, her shoulders to the top of her breasts as his hands went to her back to unhook her bra.

“Julian...” she called softly when his hands cupped her now bare breasts, his fingers flicking the taut tip, making her arch against him and clutch at his shirt. Bumaba ang kamay niya sa laylayan ng kamiseta nito at sinimulan din iyong alisin.

Nag-init ang kanyang mga pisngi nang mapansing nakamasid ang lalaki. There was a playful, knowing smile on his lips as he held her by the waist and pulled her closer. Her breath caught in her throat as their bare chests rubbed against each other. Napakapit siya sa magkabilang balikat nito lalo na nang masuyong paglandasin ni Julian ang mga kamay sa gilid ng kanyang katawan, patungo sa likod.

He caught her lips with his once more as his fingers began slowly tracing her spine. Napasinghap siya sa sensasyong dulot niyon. When his lips slid to her chin and down to her neck, his hands explored her body yet again. Mayamaya ay binuhat siya nito patungo sa kama. Doon ay hinubaran nila ang isa't isa.

When they were both fully naked, Julian gently pushed her down the soft mattress, pinning both of her hands over her head as he captured her lips once

more.

“So perfect,” he said before he kissed her deeply as his fingers entwined with hers. Kay bilis ng tibok ng puso ni Adrienne habang tinutugon ang halik nito kasabay ang tila pagkabuhay ng bawat bahagi ng kanyang katawan sa pagkasabik. Julian’s body now covered hers, and his skin rubbing against her felt so good.

Ngunit nang bitawan nito ang mga kamay niya at paglakbayin muli iyon sa kanyang katawan, parang hindi na niya kakayanin ang paghihintay. His hand went to that space between her breasts, to her abdomen down to her center. He stroked her heated flesh, her moans of pleasure caught in their kiss.

Nang saglit na ilayo ni Julian ang mukha sa kanya ay halos bumaon ang mga daliri niya sa likod nito. He looked at her with that raw desire evident in those almond eyes.

“Now, Julian,” bulong niya kasabay ang pagbitaw ng isang kamay niya sa balikat nito, at ang marahang paglalandas niyon sa dibdib ng kaniig, pababa sa tiyan. She rocked her hips against his, parted her thighs and trapped him between them. “I need you, Julian. Please don’t make me wait,” pakiusap ng dalaga habang hindi inaalis ang tingin dito.

Muli siya nitong hinagkan habang masuyong pinaglalandas ang mga kamay sa gilid ng kanyang katawan. He gently lifted her hips, and took her

completely in one smooth thrust.

The pain made her close her eyes and turn away. Napabitaw siya kay Julian, hindi alam kung paano ang gagawin. Ilang sandaling natigilan ito bago masuyong hinaplos ang kanyang mukha.

“You’ll be fine, Adrienne.” He rained light kisses all over her face. Then his hand slid to her hip once again, the other underneath her shoulder and began slipping in and out of her.

Her head fell back on the pillows, her arms stretched as her hands gripped the sheets as she took one deep breath after another. Nagtama ang mga mata nila ng binata at tila may humaplos sa puso niya sa nakitang expression doon. It was a mix of desire, intensity, and tenderness.

“You feel so good, Adrienne.” His voice was strained, almost raspy and it felt so much like how his hands loved her body earlier. She lifted her face to try to kiss him, but her lips only reached his chin. He smiled as he bent his head lower so they could really kiss, instead he let out a low moan as she rocked her hips slowly and began moving with him.

Muling hinagip ni Julian ang kanyang mga kamay, pinagsalikop ang kanilang mga daliri bago siya masuyong hinagkan. He ground onto her deeper, harder, until their movements became more frenzied, more unrestrained.

A shudder ran through Adrienne as she felt herself nearing the edge. Humigpit ang hawak

nila sa isa't isa habang patuloy na nagtatagpo ang kanilang mga katawan. They called each other's names in between moans and sighs until they were both gripped by an intense wave of pleasure she had never known before. The sensations overtook her, making her surrender, making him call out her name and say he loved her over and over.



Hawak ni Julian ang kanyang kamay habang magkaharap sila sa kama. Their labored breathing mingled, both still reeling from the intense lovemaking. Addy met his eyes, so full of love and tenderness and a hint of worry as he gazed at her.

“I never meant to say it that way,” mahinang sabi nito at hinagkan ang kanyang kamay.

Pinakatitigan lang niya ang binata. Hindi niya alam kung bakit ito nag-aalala. Hearing him say he loved her even through their climax was so raw and real she didn't see anything wrong with it.

“I love you not only because you're with me tonight.” Ipinaikot nito ang braso sa kanyang katawan at hinila pa siya palapit. “I just love you, Adrienne. So much.” Hinagkan siya nito sa labi. “I didn't know I could love you this much,” bulong nito.

Umakyat ang kanyang kamay upang masuyong haplusin ang gilid ng guwapong mukha nito. “I love you, Julian.” She traced his jaw, his brows, his nose, the sides of his beautiful curling mouth. “I didn't

think that was possible either.”

Napangiti ito. “Bakit hindi?”

“Because I have never loved anyone this way before.” Nabasag ang boses niya sa sinabi. Sinubukan niyang iiwas ang mukha dahil bigla siyang nahiya na baka maiyak siya. But Julian gently lifted her chin, and a tear fell as their eyes met again. “Okay, I have never loved anyone, period.” She bit her quivering lower lip.

Maingat na pinahid nito ang kanyang luha. “I want to be worth it, Adrienne.”

“You already are.” Bahagya siyang ngumiti.

He took her face in his hands and kissed her, smiling against her lips.



“You’re such a kid, Adrienne. *Aish!*” nailing na sabi ni Julian bago marahang pinunasan ng panyo ang gilid ng kanyang labi. Katatapos lang nilang mag-lunch at naglalakad sila sa tabing-dagat habang siya ay abala sa pagkain ng ice cream na nasa cone.

“It’s melting! I can’t eat it fast enough!” natatawang depensa ni Addy at muling nilantakan ang natutunaw nang ice cream.

Patuloy naman ito sa ginagawa habang nakatingin lang sa kanya. The glint in his eyes was a mix of amusement and that look she saw the other night as he gently pulled her to his room, right before they kissed again. Her cheeks felt hotter than the midday sun at the thought. Napabilis tuloy lalo

ang kain niya ng ice cream, hanggang sa pati ang sugar cone ay maubos na niya, maitago lang kahit papaano ang pamumula.

“Don’t try to hide, I already saw it.” Julian lifted her face, cupping it with both hands.

“Saw what?” She pursed her lips. Itinaas niya ang kamay at inayos ang straw hat niya habang nakatitig din dito. His almond eyes crinkled at the sides, his curling lips were set in that signature mysterious-slash-sexy smile. Gusto niya itong halikan. Wala na siyang pakialam kung nasa gitna sila ng isa sa pinakaabalang beachfront sa Boracay.

Kailangan niyang sulitin ang panahong magkasama sila dahil baka linggo o buwan pa ang bilangin bago sila magkitang muli. Who would have thought she would find love in this island resort that she didn’t even want to go to in the first place?

Pero heto at sa halip na ang naunang planong apat na araw lang ay na-extend ni Addy ng sampu para lang makasama pa si Julian. It was summer, anyway. She didn’t have law school to worry about for the next few weeks, and her boss at the law office where she was paralegal was kind enough to allow her extended leave.

“What are you thinking?” tanong ng binata na ipinaikot ang mga braso sa baywang niya.

“You mean who?”

Sino rin ang mag-aakalang may itinatago pala siyang landi sa katawan? She was always been the

nerdy, studious type. Hindi siya boy crazy. Pag-aaral at musika lang ang trip niya sa buhay. At almost twenty-five, she never even had a boyfriend yet. Ang akala pa nga ng ibang nakakakilala sa kanya ay kasing-weird kung hindi man may questionable gender din siya gaya ng mga kasama niya sa bandang *Purgatory*.

Pero ngayon ay heto si Adrienne, naghuhugis-puso marahil ang mga mata habang nakatingin kay Julian, na kauna-unahang lalaking minahal niya, nang sobra-sobra in a matter of a couple of days.

Before the week was over, she even spent an entire night with him. At wala siyang pinagsisisihan.

“I don’t want to leave yet,” Julian said in a low voice as his face got nearer until his lips almost brushed hers. “In fact, I don’t think I’d want to leave, ever.” He kissed her lightly on the lips before he pulled her closer, and rained more kisses on the top of her head.

“Me, too. But we’ll see each other again.” She inhaled in his clean, summery scent. A mix of lemon, mint and something that was entirely his.

“Sa Korea ka na lang mag-aral ng Law,” sabi pa nito na nagpatawa sa kanya. “Promise I won’t bug you when you want to study, unless you want to be distracted.” Bahagya itong lumayo upang muli siyang masdan.

“If I knew you’re just around, then lagi na lang akong distracted,” she grinned.

Julian was a record producer and arranger based in Seoul, Korea. Sa Pilipinas ito ipinanganak, lumaki, at nag-aral hanggang second year high school bago nagbalik sa Korea kasama ang ama nitong diplomat na Filipino-Korean at inang part-Dutch naman.

Apart from his very Asian eyes and black hair, one could easily mistake him for some Western European aristocrat. Sa unang tingin kasi ay masyado itong dignified at minsan ay tila effeminate pa, ngunit nang makausap at makilala ito ni Addy nang lubusan ay nadiskubre niyang napaka-down-to-earth at may pagkapilyo pala ito.

“You’re good for my ego, Adrienne. Parang mas magaling ka pang mambola kesa sa akin, ah.” He pinched her nose.

“Just being honest.” Umarko ang kilay niya. Noon naman may biglang tumunog na sobrang lakas na *Happy Happy Joy Joy Song* mula sa isang lumang Nicktoon. “Your phone.”

Addy still couldn’t believe he also liked the weird cartoon series she adored as a kid.

Pero hindi na siya dapat manibago pa sa mga kakaiba ngunit nakatutuwang nalalaman tungkol kay Julian dahil weird din naman ang unang pagkikita nila.

They first met by the lechon table at the hotel’s buffet restaurant, no less. Sabay at pareho pa kasi sila ng ini-request na parteng ipapakuha sa nagcha-chop ng lechon.

She couldn't help smiling at the memory, bago natatawang hinampas sa dibdib si Julian na tila naengkantong nakatingin lang sa kanya.

“Julian, your phone! Baka importante 'yan.”

Napaungol ito. Julian hated taking calls whenever they're together.

Naiiling na tinanggap nito ang tawag habang siya naman ay bumitaw at lumayo muna rito. Hindi kasi siya sanay na nasa malapit lang kapag may kausap sa cellphone ang kahit na sino.

Inilabas din niya ang cellphone at kinunan muna ng litrato ang tanawin sa paligid niya. Wala pa yatang sampung shots ang nakukuha niya nang makarinig ng maingay na usapan sa bandang likuran niya.

They were talking about Julian. And about her.



Chapter Two



“Si Yoon Jae Bin nga! OMG!”
“Shit, ang hot niya! Sobra!”

“Wait, siya’yung kasama ni Jae Bin kanina?
Jowa ba niya talaga ’yan?”

“Hindi naman kagandahan. Maputi lang.”

“Baka temporary lang ’yan, You know, parang
escort service?”

“Naman! Sana pumili siya ng mas maganda!
Sana ako na lang!” At tumawa pa ang bruha ng
nagsalita niyon.

“Talikod-genic lang ang bruha. Medyo sexy pero
medyo hipon din,” pamimintas pa ng isa.

“Parang nabasa ko dati na medyo malabo daw
ang mata ni Jae Bin.”

“Baka nga. Baka naman magaling si Giraloo.”

“She’s still one lucky bitch, though.”

“Sarap sabunutan!”

Subukan n’yo lang! Ngali-ngaling harapin ni
Addy ang kung sinumang mga nagsasalita na iyon
ngunit nagpigil siya. Hindi niya ugaling pumatol sa
mga insecure at inggitera. Mas nangingibabaw sa
kanya ang pagtataka dahil kilala ng mga babaeng ito
si Julian at alam pa ang Korean name. Ganoon ba ito
kasikat? Ang alam niyang sikat ay ang mga banda at

singers na ipinagpo-produce nito ng albums.

Wala siyang malay sa K-pop culture. Ni hindi siya mahilig sa Korean dramas, or any sort of drama for that matter. Ang alam lang niya, may mga fans na matitindi ang saltik sa utak at masyadong possessive sa mga idolo nila. Mukhang kabilang ang mga babaeng ito sa mga ganoong klase ng fans.

Tumingin siya sa gawi ni Julian. He seemed to be wrapping the call already. Tumingin ito sa gawi niya at ngumiti. Napansin din niyang ilang metro mula rito ay may mga babaeng kunwa ay dedma pero halata namang kinukunan ito ng picture.

Naisipan tuloy niyang mang-asar. Lumapit siya kay Julian at ipinaikot ang isang braso sa baywang nito. Niyakap din siya nito bago tinapos ang tawag. Then he bent to kiss her fully on the mouth.

Take that, inggiteras! Now, sino ang hindi kagandahan at mukhang hipon, huh?

Just a few weeks later, muli niyang paulit-ulit na maririnig at mababasa pa ang lahat na yata ng klase ng pang-aalipustang maaaring gawin sa isang babae. Laman siya ng ilang social media sites at blogs, trending topic kahit hindi naman siya celebrity, at magiging viral ang ilang litrato niya maging solo man o kasama si Julian na may kasama pang nakapanlilit na captions.

She would be called anything from an ugly groupie to a first-class whore. Makikipag-away ang mga kaanak at kaibigan niya para sa kanya, ngunit

pakikiusapan din niya ang mga ito na manahimik na lang.

Dahil totoo naman siguro ang lahat. Mabuti pa ang mga nasa flesh trade, may bayad ang bawat gabi at pagkakataong nakakasama ang mga lalaking may kakayahang tapatan ang presyo ng mga ito. Samantalang siya ay libreng ipinagkaloob ang sarili sa isang lalaking hindi naman pala talaga niya lubusang kilala, at hindi rin totoong minahal siya.



“Wala kang driver tonight, Addy?”

Nilingon ni Addy ang nagsalita na si Brawn, ang bandmate niyang advertising executive by day na super guwapo, matalino at witty, magaling manamit, masarap magluto at super bait pero questionable naman ang gender orientation.

Nakasandal si Brawn sa gilid ng *Toyota Altis* nito at minamasdan siya habang inaayos ang kanyang beatbox at bongos sa backseat ng kanyang sasakyan. He knew better than to offer help. Alam nitong hindi siya naniniwala sa paghingi ng tulong kung kaya naman niya.

“Yup, unfortunately. Busy si Patrice ’tapos may-sakit naman si Misty,” sabi niya na ang tinutukoy ay ang dalawang best friends na karaniwang nanonood kapag may gig siya at ipinagda-drive din siya pauwi. Palagi kasi siyang umiinom, dahilan upang maging antukin siya sa daan.

“Kaya mo ba? Sa Sampaloc ka pa uuwi, di ba?”

Nilapitan siya ni Brawn at inilapit ang mukha sa kanya bago suminghut-singhot. Nalukot ang ilong nito. “Ano ba ang ininom mo kanina?”

“Just a couple of glasses of apple flavored vodka. Hmm... and a shot of tequila d’un sa table ng isang guest.” Tinapik niya ito sa braso. “Don’t worry. Hindi muna ako uuwi sa Sampaloc. Baka diyan na lang sa ako sa *One Centrino* for tonight,” tukoy ni Adrienne sa isang condotel na may floor para sa mga budget rooms.

Dalawang kanto lang ang layo niyon mula sa kinalulugaran ng bar sa Greenhills kung saan katatapos lang ng gig nila. Kilala at suki na siya sa naturang building dahil kliyente sa law office ng pumanaw na niyang ama ang may-ari niyon.

“Okay.” Napatango si Brawn, nabawasan na ang pag-aalala nito. “I was just thinking na kung uuwi ka ay susundan ka muna namin ni Casey.” Ang bassist nila sa banda ang tinutukoy nito. Kung bisexual si Brawn, lesbian naman si Casey. Bading naman ang lead singer nila na si Cholo. Siya lang ang straight sa banda nilang *Purgatory*.

“Oh, I’ll be fine.” She kissed him on the cheek. “Tell the others nauna na ’ko at masakit na ang ulo ko.” Nakapagpaalam na rin naman siya sa mga kabanda kanina na ngayon ay nasa loob pa ng bar at kinukuha ang mga gamit. “Ingat kayo, ha,” nakangiting sabi niya at lumulan na sa sasakyan.

Ilang sandali pa ay nasa daan na siya. Derecho

siya sa front parking area ng *One Centrino* kung saan ilang sandali muna siyang nanatili sa loob ng sasakyan bago bumaba.

Kanina pa sumasakit ang ulo niya. Hindi pa siya masyadong nakakain dahil masama ang timpla ng kanyang tiyan. Pakiramdam niya ay lagi siyang masusuka. May pre-menstrual syndrome kasi siya kaya ganoon.

She took a deep breath, took a swig from the water bottle she always kept in her car before slinging her bag on her shoulder and got out. Pagbaba ay sa side entrance na siya dumaan, kung saan nakita niyang buhay na buhay pa ang malawak na lobby. She squinted against the bright lights. Lalo niyong pinatindi ang sakit ng ulo niya, na nakadagdag pa sa pakiramdam na para siyang masusuka.

Please not now, she silently prayed.

Mabagal na naglakad siya patungo sa check-in counter. Napamura ang dalaga nang parang bumuway ang lakad niya. *Lumilindol ba?* Sinubukan niyang i-focus ang tingin, ngunit parang nanlalabo ang tingin niya.

Bad trip na PMS ito! Muli siyang huminga nang malalim.

“Adrienne?” someone called.

Napakurap siya. May nagsalita ba talaga? Pamilyar ang boses, masyadong pamilyar ngunit hindi na niya gustong marinig. Ayaw na niyang

marinig o makita ang nagmamay-ari ng tinig na iyon kahit kailan. Ano ba ang nangyayari? Naghallucinate na yata siya. Pero hindi naman siya lasing!

“Adrienne.” A hand held her by the arm. Big, strong, warm hand against her cold bare skin. Her heart jumped. “Are you okay?”

That voice! *Anak ng tokwa!* Bakit ganoon pa rin ang dating sa kanya ng buwisit na boses na iyon after all these years? What was going on? Gising pa ba siya? Pero parang totoo ang pakiramdam ng kamay na nakahawak sa kanyang braso, ang mababa at suwabeng boses na iyon, at ang hindi maikakailang presensya sa tabi niya. She maybe feeling a bit cold but with this man standing so close made her feel warmer somehow. And that clean, fresh scent of summer...

Ikalawang linggo na ng June. Tag-ulan na. Pero habang pinapakiramdam ni Adrienne kung totoo ba ang nangyayari ngayon ay tila ibinabalik siya sa buwan ng Mayo, three years ago.

Hindi tama ito!

Ipiniksi ni Addy ang braso. Pero parang lalong siyang nahilo sa ginawa. Na-off balance siya at dederecho na sana ang katawan sa sahig kung hindi lang nasalo ng lalaking humawak sa kanya.

She dared not look at his face. *No.*

Sana nananaginip lang siya.

“Do you have a place here, Adrienne? Ihahatid

na kita,” pagboluntaryo nito. His voice was gentle and calming. Para ring kay lapit niyon sa kanya. She could feel herself leaning against something strong and solid. It felt so good.

What is happening to me? Muling kumirot ang ulo niya. *Shit!*

“Adrienne...” muling sambit ng lalaki sa pangalan niya.

Against her will, she looked up. Those intense almond eyes, those killer cheekbones, the curling lips. His thick slanty brows furrowed as he looked down at her, forming a slight bump in his straight nose. It almost looked like he was just contemplating a difficult Math problem, but the intensity in his eyes betrayed a mix of worry, awe and sadness.

Kahit taon na ang lumipas, kay dali pa rin sa kanya na basahin ang nararamdaman nito.

Pero paloloko ba siyang muli? He gets paid to pretend, after all.

“Let me take you to your room, Adrienne,” he softly said. Inayos nito ang pagkakaalalay sa kanya.

“No.” Marahas siyang umiling, ngunit lalo lang umikot ang tingin ng dalaga. “Shit!” Sinubukan niyang tumayo nang derecho, ngunit parang wala na siyang lakas. At kasabay ng muling pagpipilit na makawala ay ang tuluyan nang pagdidilim ng kanyang paningin.

Chapter Three



“Wake up, you jerk! Saan mo ako dinala? Where are my shoes?”

Nagising si Julian na may tumatampal sa kanyang mukha, sa balikat, sa braso at sa dibdib. Nakatulog na pala siya sa tabi ni Adrienne at ngayon ay gising na ito. He blinked, she still lay beside him, her face pale and her voice hoarse, yet her eyes flamed with anger as she kept slapping him all over.

“Shit ka! Sana nananaginip lang ako! Gusto ko nang gumising!” Wala pa rin itong tigil sa ginagawa kahit halatang nanghihina.

Hindi siya sumubok umiwas, ngunit hinila niya pabangon ang sarili. Dinama niya ang noo at leeg ni Adrienne. Mainit ang temperature nito ngunit wala namang lagnat ayon sa thermometer nang i-check niya kanina. Her hands and feet were clammy though, and her skin was ashen.

Pinalis nito ang kamay niya bago umusad palayo na tila nandidiri.

“How are you feeling, Adrienne?” Hinuli niya ang mga kamay ng babae dahil baka sa kaiiwas nito sa kanya ay mahulog ito sa kama.

“Patay na ba ako? Impiyerno na ba ito? Nandito ka, eh,” sa halip ay sabi nito bago ipiniksi ang mga

kamay at muling umatras, dahilan upang mahulog ito sa kama. “Shit!” she muttered weakly. “Aray!”

Malakas ang kalabog na nilikha ng pagkauntog nito marahil sa nightstand at ng pagbagsak sa carpet. Kaagad niya itong dinaluhan at binuhat pabalik sa kama kahit na muli itong nagpupumiglas. Pinagpatong ni Julian ang mga unan at doon ito isinandal.

“You should eat, Adrienne.” Hinawakan ng binata ang kamay nito. “Ano ba ang nararamdaman mo? You fainted earlier at the lobby. Dinala kita dito sa unit ko.” Umakyat ang kamay niya sa ulo nito. He felt a tender spot on the side of her head. Nabukulan nga ito nang tumama sa nightstand. “My God, I’m sorry.”

Masama pa rin ang tingin sa kanya ng dalaga. “So, hindi ito panaginip? Totoong nandito ka? At nabukulan pa ako! Ang malas ko naman! Bakit ako ang kinakarma?” Napailing ito bago sinubukang itayo ang sarili. “F*ck, why am I so dizzy?”

“Hindi ka pa yata kumakain.” Hinaplos niya ang mukha ni Addy at hinawi ang ilang side bangs na tumabing sa isang mata nito. He never imagined her with short hair. Mahaba ang maalong buhok nito dati at gustung-gusto niya iyon. Her pixie hair cut now made her face more open, more innocent. But still alluring. “I almost didn’t recognize you with this hair.”

“Sana nga hindi mo na lang ako nakilala,” she

huffed.

“Hindi ko rin naman siguro kakayanin kung sa ibang lugar ka na lang basta hinimatay at kung sino lang ang nakakita sa iyo.”

“Sana nga ganoon na lang ang nangyari.”

He sighed. “You should eat. Sa tingin mo ba, kaya mong kumain o masama pa ang pakiramdam mo? Did you have a gig earlier? I saw the percussion kit in your car. I asked the guard.”

“Kagabi pa ako nasusuka at nahihilo. PMS lang ito.” Umarko ang isang kilay nito. “Where are my shoes?”

“In the living room.” Marahang tinapik ito ni Julian sa braso. “Just relax. Ikukuha kita ng makakain.” Tumayo na siya at lumabas ng kuwarto.

Sa kusina ay nag-toast siya ng baguette, naglabas ng strawberry jam at inilabas ang lalagyan niya ng samu’t saring tsa. He still could not believe that on the second day after he got back in the country, he’d already seen Adrienne. And she was right here in his flat.

Hindi niya ito gaanong napaghandaan. Agaran ang naging pagbabalik niya sa bansa na siyang una niyang pinlano sa sandaling matapos niya ang mandatory military service niya sa South Korean army na tumagal ng dalawang taon. Wala pang isang buwan nang makalabas siya at sa halip na harapin ang ilang obligasyon sa trabahong iniwan niya nang ilang taon ay ang pagpapa-book ng flight

at paghahanap ng matutuluyan sa Pilipinas ang inasikaso niya.

Inaasahan na niya ang galit ni Adrienne, at handa siyang harapin at tiisin iyon kasabay ng pagpapatunay rito na kailanman ay hindi niya ito niloko. Na totoong minahal niya ito at wala siyang balak na magmahal ng iba kahit kailan. He hated that three years had to pass before he got this chance to be with her again. He might be too late but he would still do everything to win her back.

“Where are my shoes?”

Napalingon ang binata sa pinto ng kuwarto niya at nakitang nakasandal sa hamba niyon si Adrienne. Basa pa ang buhok nitong nakapaligid sa mukha. Marahil ay nanggaling ito sa banyo. Namumutla pa rin ito at bahagyang nanginginig, kaya binuhat na niya itong muli papunta sa couch kung saan naroon ang backpack nito.

“Your sneakers are right there.” Itinuro niya ang shoe rack sa tabi ng pinto. Halos nakayakap pa rin siya sa dalaga at parang ayaw na niya itong bitawan. He missed holding her like this. Mas magaan ito ngayon kumpara sa dati.

Minasdan niya ang magandang mukha ng babae na walang ekspresyong nakatingin sa kanya. It took a huge amount of self-control to keep himself from leaning closer and claiming those soft, plump lips.

The last time they were together on a very early morning like this, they were in his bed, their legs

tangled with the sheets, and he held her, beautiful and naked in his arms.

“Puwede mo na akong bitawan,” malamig na sabi nito, sabay siko sa kanya.

He blinked. Maingat na isinandal niya ito sa couch. “I’m sorry,” mahinang tugon niya at muli nang bumalik sa kusina.

Nang balikan niya si Adrienne ay dala na niya ang tray ng toast, jam, mug ng mainit na tubig at ilang teabags. Inilapag niya iyon sa mesang kaharap ng couch na kinauupuan nito.

“Kung nasusuka ka, hindi ka muna puwedeng kumain ng kahit anong dairy products o pagkain na may oil.” He began spreading jam on a toast. “Toast or crackers will do, para madali ring matunaw.”

Naningkit lang ang mga mata nito, ngunit kaagad na dumako iyon sa hawak niya. She was obviously hungry. Nakangiting inilapit niya iyon dito, holding her by the chin as she took a bite. “Kaya ko na ito,” ani Adrienne na kinuha ang tinapay mula sa kanya.

He shrugged. “Okay. Anong tea ang gusto mo? I have *Earl Grey, English Breakfast, Yorkshire...*”

“Kahit alin d’yan. No sugar. Huwag masyadong matapang,” sabi nito bago kumuha ng isa pang slice ng toast na nalagyan niya ng jam.

Hindi na ito muling tinanong pa ni Julian. Minasdan na lang niya si Adrienne habang kumakain. He always liked watching her eat. Kahit

ano kasi ang ihain dito, kung kainin iyon ng babae ay parang iyon na ang pinakamasarap na putahe sa buong mundo. This toast and tea combo was no exception.

Naubos nito ang lahat ng inihanda niya at nakadalawang mug ng tsa. Ininom din nito ang ibinigay niyang gamot. The color was back in her face at mas nagkaroon ng buhay ang mga mata ng dalaga kahit masama pa rin ang tingin sa kanya.

“I’ll just rest a bit ’tapos aalis na ako.” Ipinikit nito ang mga mata pagkasabi niyon. Isinandal nito ang likod sa couch.

“Mag-a-alas-cuatro pa lang ng umaga. Dito ka na lang muna hanggang sa magliwanag na,” sabi ng binata mula sa kusina kung saan hinuhugasan niya ang pinagkainan nito.

“Why would I stay here?” Tumaas ang boses nito. Tumayo ito, kinuha ang sapatos at isinuot na iyon.

“Let me drive you home, then.”

“Huwag na. I feel bad enough na ikaw ang nakakita sa akin at nandito pa ako ngayon,” tila masama ang loob na sambit nito. “But thanks, anyway.” Tumayo si Adrienne at isinukbit ang bag sa balikat.

Hinabol niya ito sa pinto at hinagip ang kamay na nakahawak na sa knob. “Adrienne, please. Let me just make sure that you’ll make it home safe.” Malamig pa ang kamay nito at bahagyang nanginginig. “Hindi kita puwedeng hayaang lumabas

nang ganito. Puwede ka namang magpahinga muna dito. I promise I won't bother you."

Pumiksi ito. "I'll be fine. Tantanan mo ako, Julian. Stop acting like you care and for your information, I managed for the past three years without anyone, and especially not you making sure I get anywhere safe." Binuksan ng dalaga ang pinto. "Salamat na lang." Tuluyan na itong lumabas.

Mabibilis ang hakbang ni Adrienne hanggang marating nito ang elevator, ngunit nagawa itong maabutan ni Julian.

"Adrienne..." Hinawakan niya ang braso nito. Nakikiusap ang mga matang hinuli niya ang tingin ng babae na halos sirain na ang elevator buttons sa pagpindot. "I came back for you."

"Then go back to wherever you came from, asshole!" Kaagad itong pumasok sa bumukas na pinto. "I'm not here for you anymore."



"Ano'ng nangyari sa iyo? Bakit namamaga ang mga mata mo? Mukha kang bullfrog, Addy!"

Napailing lang si Addy sa sinabi ni Patrice. Kalalabas lang niya sa banyo ng inuupahang kuwarta sa likod ng bahay nito at naabutan niya ang kaibigan na naghahain na ng brunch. Pasado alas nueve na ng umaga at hindi na siya aabot sa unang subject niya. Mamayang ala una na lang siya aalis.

Alas cinco ng umaga nang makarating siya sa bahay ni Patrice sa Sampaloc at dumerecho

na kaagad siya ng tulog. May bahay sa *Sta. Mesa Heights* ang pamilya niya, ngunit pinili niyang sa kabuuan ng huling semester sa law school at bar review ay mangupahan muna sa bahay ng isa sa best friends niya since college.

Simula nang maulila ay pinatira na rin niya sa bahay nila ang tiyahin niyang biyuda.

Nakatatandang kapatid ito ng kanyang ama at may tatlong anak na halos kaedad niya. Mabait ang tiyahin niya at wala siyang reklamo rito, ngunit sa sobrang bait ay hindi nito madisiplina ang mga anak na pasaway na madalas gawing party venue ang bahay nila.

May mga trabaho naman ang mga ito at hindi pumapalya sa pag-contribute sa gastusin sa bahay, ngunit mahilig talaga sa gimikan at pag-iingay. Hindi na niya iyon kinaya noong isang taon dahil nakaka-trigger pang lalo ng migraine attacks ni Adrienne ang ingay ng mga ito, kaya nagdesisyon siyang mangupahan muna. Every weekend na lang siya umuuwi sa bahay nila.

“Migraine. A horrible one,” sagot niya at sinimulan nang magtimpla ng kape. “Sana walang party mamaya sa bahay at gusto kong itulog pa ito nang bongga. Kung hindi lang dahil kay Tita Jean, hindi ako uuwi doon.”

Matamang minasdan siya ni Patrice. “Kung hindi mo na kaya ang sakit ng ulo mo, dapat uminom ka na lang ng gamot.” Sumimsim ito mula sa sariling

mug ng kape. “So, artistang umiiwas sa paparazzi ang drama mo mamaya? Magda-dark glasses ka sa klase?”

“Is it too bad?” tanong ni Addy. Kanina pagtingin sa salamin sa banyo ay halos isang slit na lang ang mga mata niya. Magang-maga ang mga iyon. Bukod sa puyat ay dahil din iyon sa kaiiyak niya habang nagda-drive pauwi mula sa Ortigas. Hindi na niya napigilan ang emosyon.

Seeing Julian again triggered a lot of bad memories. Parang muli niyang naramdaman ang lahat ng sakit na dala ng mga panlalait at panghuhusgang tinanggap niya sa loob din ng ilang buwan. Idagdag pa roon ang bigla na lang pagtatapos ng lahat ng mayroon sila ni Julian.

What was it they had, anyway? Maybe there was really nothing to it. She was just a good f*ck he met on the beach.

Nothing more than a summer fling.

“Magang-maga, eh. Lagyan mo muna ng ice pack mamaya. Or cucumbers. Meron sa bahay,” suhestyon pa ni Patrice, nangungunot ang noo habang nakatingin pa rin sa kanya.

Could her friend tell she actually cried over something, or someone else?

“Yeah, mamaya.” Kumuha siya ng pandesal at pinalamanan iyon ng cheese spread. “Although wala na rin naman sigurong pag-asang umayos itong mata ko. Mukha naman siyang maga at parang

laging nakaluwa kahit hindi ako nagdrama.”

“Wide set ang tawag sa mga mata mo. They’re big and soulful.”

“Bait mong friend talaga. But seriously, pangit ang mga mata ko. Kulang na lang maging green ako at mapapagkamalan nang anak ni Yoda—”

“Addy, ano ba? Tapos na tayo sa ganito. Kapag may narinig akong isa pang panlalait mo sa sarili mo, kakalbuhan talaga kita. At hindi kasing-fabulous ng pagiging skinhead ni Misty dati,” nanlalaki ang mga matang sabi ni Patrice.

Nasaksihan nito at ni Misty kung paanong halos ayaw na niyang lumabas ng bahay dati dahil pakiramdam niya ay nakita ng lahat ng tao ang mapanlait na *Facebook* at *Twitter* posts and comments tungkol sa kanya, pati na ang mga stolen shots nila ni Julian sa Boracay na binaboy at pinagtawanan din ng libu-libong fans nito.

Mayroon pa ngang mga nang-harass sa kanya sa daan. Pinagtawanan siya. Nilait.

It was a dark period in Addy’s life. Hindi na tuloy muna niya tinapos ang ikatlong taon sa law school.

Nag-file siya ng leave of absence at sumunod sa amang noon ay nasa Amerika upang magpagamot. Less than a year after getting her heart broken, she also lost her father. Parang ayaw na niyang bumalik sa bansa, ngunit nanaig sa kanya ang kagustuhang maging kagaya nitong magaling na abogado.

And that was all she’d ever wanted to be. Hindi

na niya ma-imagine ang sarili na nagmamahal muli. Once was too much. Hindi nga niya alam kung naka-recover na siya roon.

Kahit pagupitan ni Adrienne ang buhok, kahit maglagay siya ng dark eyeliner at blue sparkly mascara and red lipstick, parang may makakakilala pa rin sa kanya at maaalalang siya ang ‘ambisyosang ilusyonadang feelingerang malanding pangit’ na nagkaroon ng kaugnayan sa sikat na Koreanovela heartthrob and singer-songwriter na si Julian Yoon.

“Addy? Okay ka lang? Huwag ka kaya munang pumasok at ipahinga mo na lang ang migraine mo. Tatawagan ko si Tita Jean at ibibilin na pagsabihan ang mga pasaway niyang anak.” Nag-aalalang hinawakan ni Patrice ang kamay niya.

Umiling siya. “No, I’ll be fine. Lutang lang din siguro ako sa puyat. Ayokong um-absent.” Ngumiti siya sa kaibigan. “So tell me, kumusta naman kayo ni Run?”

Patrice rolled her eyes at the mention of the man she had a crush on for years, but went on to give her updates.

Gustong ikuwento rito ni Addy ang tungkol kay Julian, ngunit maging iyon ay ayaw na rin niyang alalahanin.

Sana ay panaginip lang ang lahat.